

BATAS NG MGA KARAPATAN NG MGA NANGUNGUPAHAN SA MARYLAND

(Epektibo sa Oktubre 1, 2025)

Ang batas ng Maryland ay nag-aatas sa Tanggapan ng mga Usapin ng Nangungupahan at Landlord na maglathala ng Batas ng mga Karapatan ng mga Nangungupahan at i-update ito taun-taon. Ang website ng Tanggapan ng mga Usapin ng mga Nangungupahan at Landlord ng Maryland ay may karagdagang mga pagsasalin sa wika ng Batas ng Mga Karapatan ng Nangungupahan sa website na nakalista sa dulo ng dokumentong ito. Ang Tanggapan ng mga Usapin ng Nangungupahan at Landlord ng Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Komunidad ng Maryland ang nag-draft ng dokumentong ito, hindi ang iyong landlord.

Dapat ilakip ng mga Landlord ang pinakabagong bersyon ng dokumentong ito sa bawat pag-upa ng tirahan. (Artikulo sa Pabahay at Pagpapa-unlad ng Komunidad ng Code ng Maryland, Mga Seksiyon 5-101 hanggang 5-104 at Artikulo sa Real Property ng Code ng Maryland, Seksiyon 8-208)

Binubuod ng dokumentong ito ang mga mahahalagang karapatan ng mga nangungupahan sa ilalim ng batas ng Maryland. Hindi ito kumpletong listahan ng bawat karapatan ng nangungupahan. Hindi nito saklaw ang bawat detalye, pagbubukod, o pagkakaiba na maaaring mailapat sa bawat kaso.

Maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng:

- Mga sanggunian sa Code ng Maryland na nakalista sa bawat karapatan o iba pang naaangkop na batas
- Sariling pananaliksik sa pamamagitan ng Mga Sentro ng Tulong ng Hukuman ng Maryland at Aklatan ng Batas ng Mamamayan ng Maryland
- Pagkonsulta sa isang abogado

Ang ilang mga lokal na hurisdiksiyon sa loob ng estado ay maaaring mag-alok ng karagdagang mga karapatan sa mga nangungupahan ng tirahan. Ngunit ang mga karapatan sa Batas ng Mga Karapatan ng Nangungupahan ng Maryland na ito ay nalalapat sa lahat ng nangungupahan ng tirahan sa Maryland maliban kung partikular na binanggit na hindi.

Ito ay pangkalahatang impormasyon at hindi maituturing na legal na payo. Hinihikayat kang makipag-usap sa isang abogado kung may mga katanungan ka tungkol sa iyong mga karapatan bilang nangungupahan. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga legal na serbisyo ay nakalista sa dulo ng Mga Batas ng Karapatan na ito.

1. APLIKASYON SA PAUPAHAN

Mga bayarin sa aplikasyon:

- Ang mga landlord na nagpapaupa ng lima o higit pang mga unit ay maaari lamang magpanatili ng maximum na \$25 para sa bayarin sa aplikasyon, maliban kung ang kanilang aktwal na mga gastos na nauugnay sa aplikasyon (tulad ng mga credit check) ay higit pa sa \$25.
- Kung ang landlord ay naniningil ng higit sa \$25 ngunit ang kanilang mga gastos ay mas mababa sa halagang sinisingil, dapat nilang i-refund ang bahagi ng bayad sa aplikasyon na hindi ginamit para sa mga gastos na nauugnay sa aplikasyon.
- Ang refund ay dapat gawin sa loob ng 15 araw ng isa sa mga sumusunod:
 - Lumipat ang nangungupahan sa unit, o
 - Ang landlord o ang aplikante ay magbibigay ng nakasulat na abiso na hindi uupahan ng aplikante ang unit.

Mga gastos sa aplikasyon:

- Maaaring humingi ang mga aplikante sa Landlord ng listahan ng mga gastos sa aplikasyon.
- Dapat kasama sa listahan ang mga halaga ng pera at mga deskripsyon ng bawat gastos.

Ulat sa pagsusuri ng nangungupahan:

- Maaaring piliin ng ilang mga landlord na tumanggap ng ulat sa pagsusuri ng nangungupahan na:
 - Inihanda ng ahensyang nag-uulat ng consumer sa loob ng 30 araw bago isumite ang aplikasyon,
 - Inihanda ng ahensyang nag-uulat ng consumer, at
 - Nakuha at binayaran ng nangungupahan.
- Kung tatanggapin ng landlord ang naturang ulat, maaaring hindi ka nila singilin ng bayad sa aplikasyon.

Patakaran sa alagang hayop:

- Dapat isama ng mga landlord ang nakasulat na kopya o buod ng kanilang patakaran sa alagang hayop sa kanilang form ng aplikasyon sa pag-upa.
- Dapat kasama sa patakaran ng alagang hayop ang:
 - Anumang paghihigpit sa lahi o timbang.
 - Anumang limitasyon sa bilang ng mga alagang hayop na pinapayagan.
 - Anumang mga kinakailangang bayarin, kabilang ang:
 - Patiunang hindi maibabalik na bayarin para sa alagang hayop,

- Mare-refund na mga deposito ng alagang hayop, at
- Buwanang bayad sa alagang hayop.
- Anumang mga kinakailangan sa pagbabakuna.
- Anumang mga kinakailangan sa seguro sa pananagutan.
- Anumang karagdagang mga kinakailangan

Mga Pantulong na Hayop:

- Ang mga pantulong na hayop ay hindi mga alagang hayop at palaging pinapayagan, anuman ang patakaran sa alagang hayop ng iyong landlord. Ang pantulong na hayop ay isang hayop na:
 - nagtatrabaho, nagbibigay ng tulong, o nagsasagawa ng mga gawain para sa kapakinabangan ng isang taong may kapansanan, o
 - nagbibigay ng emosyonal na suporta na nakakabawas ng isa o higit pang natukoy na mga epekto ng kapansanan ng isang tao,
- Kung mayroon kang pantulong na hayop, hindi maaaring singilin ng iyong landlord ang karagdagang bayarin sa aplikasyon o karagdagang panseguridad na deposito para sa iyong pantulong na hayop. Maaaring singilin ka ng iyong landlord ng mga bayarin sa pagkukumpuni kung ang iyong pantulong na hayop ay nagdudulot ng pinsala sa iyong unit o mga karaniwang lugar.
- Ang mga landlord ay maaaring humingi ng impormasyon na nagpapahintulot sa kanila na suriin ang isang kahilingan para sa pantulong na hayop kung:
 - Hindi halata ang iyong kapansanan, at/o
 - Ang iyong pangangailangan para sa isang pantulong na hayop ay hindi halata.

(Artikulo sa Real Property ng Code ng Maryland, Mga Seksyon 8-210, 8-213, at 8-218, 42 U.S.C. 3604)

2. MGA KASUNDUAN SA PAG-UPA AT PANGUNGUPAHAN

Mga kinakailangan sa nakasulat na kasunduan sa pag-upa:

- Ang landlord na nagpapaupa ng lima o higit pang mga unit sa Maryland ay kinakailangang gumamit ng nakasulat na kasunduan sa pag-upa.
- Ang landlord na nagpapaupa ng apat o mas kaunting unit sa estado ay hindi kinakailangang gumamit ng nakasulat na kasunduan sa pag-upa. Kung ang landlord ay hindi gumagamit ng nakasulat na kasunduan sa pag-upa, ang pangungupahan ay ipinapalagay na 1 taon mula sa unang paggamit ng unit ng nangungupahan.

- Kung bibigyan ka ng iyong landlord ng nakasulat na kasunduan sa pag-upa, dapat nitong isama ang:
 - Pahayag ng kondisyon ng ari-arian
 - Isang paliwanag kung sino ang kailangang magbayad para sa pampainit, gas, kuryente, mga kagamitan sa tubig at gumawa ng mga pagkukumpuni ng lugar
 - Resibo para sa iyong deposito sa seguridad
 - Kopya ng pinakabagong bersyon ng Batas ng mga Karapatan ng Nangungupahan sa Maryland
 - Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa landlord o ahente na awtorisadong tumanggap ng mga abiso at serbisyo ng proseso sa ngalan ng landlord (maliban kung naka-post sa isang kapansin-pansing lugar sa ari-arian).
- Ang mga lokal na hurisdiksyon ay maaaring mangailangan ng karagdagang impormasyon sa mga kasunduan sa pag-upa.

Maaaring hindi kasama sa kasunduan sa pag-upa ang:

- Anumang bagay na nag-aatas sa iyo na payagan ang landlord na "aminin ang hatol" (sumang-ayon nang maaga na hayaan ang landlord na manalo ng isang paghahabol) sa isang paghahabol na nagmula sa kasunduan sa pag-upa.
- Anumang bagay na nagsasabing isinuko mo ang iyong mga legal na karapatan sa ilalim ng batas o ang iyong karapatan sa paglilitis ng hurado.
- Anumang probisyon na nagpapaikli ng anumang panahon ng abiso na kinakailangan ng batas.
- Anumang iba pang probisyon na natukoy sa Seksyon 8-208 ng Artikulo sa Real Property ng Code ng Maryland, o anumang iba pang probisyon na ipinagbabawal ng batas.

Ang awtomatikong pag-renew ng termino ng kasunduan sa pag-upa ay dapat na:

- Nakahiwalay mula sa iba pang mga bahagi ng kasunduan sa pag-upa.
- Mapirmahan o kilalanin mo nang hiwalay.

Pagtatapos ng pangungupahan:

- Para wakasan ng landlord ang iyong pangungupahan:
 - Para sa isang nakasulat na kasunduan sa pag-upa na may nakasaad na termino, dapat kang bigyan ng landlord ng hindi bababa sa 60 araw na nakasulat na abiso bago wakasan ang pangungupahan.

- Para sa buwan-buwan na pana-panahong pangungupahan, ang landlord ay dapat magbigay sa iyo ng hindi bababa sa 60 araw na nakasulat na abiso bago wakasan ang pangungupahan.
- Para sa taon-taon na pana-panahong pangungupahan, ang landlord ay dapat magbigay ng hindi bababa sa 90 araw na nakasulat na abiso bago matapos ang pangungupahan.
- Upang wakasan mo ang iyong pangungupahan:
 - Para sa mga kasunduan sa pag-upa na may nakasaad na termino, buwan-buwan na pangungupahan, at lahat ng iba pang pangungupahan maliban sa taon-taon na pangungupahan, dapat kang magbigay ng hindi bababa sa 30 araw na nakasulat na abisop bago wakasan ang pangungupahan, maliban kung ang kasunduan sa pag-upa ay nangangailangan ng mas maraming oras.
 - Para sa taon-taon na pangungupahan, kailangan mong magbigay ng hindi bababa sa 90 araw na nakasulat na abiso bago wakasan ang pangungupahan. (Ang kinakailangang ito ay hindi nalalapat sa Baltimore City kung saan ang mga nangungupahan ay kinakailangan lamang na magbigay ng 30 araw na abiso upang tapusin ang lahat ng mga pangungupahan.)

Maagang pagtatapos sa iyong kasunduan sa pag-upa dahil sa pang-aabuso:

- Kung nakaranas ka ng pang-aabuso, maaari mong tapusin nang maaga ang iyong kasunduan sa pag-upa sa pamamagitan ng pagbibigay ng abiso sa iyong landlord. Dapat kasama sa abiso ang
 - Isang kopya ng pinal na utos na pang-proteksyon o kautusang pangkapayapaan na inisyu ng mga korte, o
 - Kopya ng ulat mula sa isang kwalipikadong third party tulad ng isang doktor, psychologist, social worker, o tagapagtaguyod mula sa organisasyon ng karahasan sa tahanan.
- Pagkatapos magbigay ng abiso, mayroon kang hanggang 30 araw upang umalis.
 - Responsibilidad mo lang ang upa mula sa petsa ng abiso hanggang sa umalis ka, na maaaring wala pang 30 araw.
 - Kung aalis ka sa loob ng wala pang 30 araw, dapat mong bigyan ang iyong landlord ng pirmado, nakanotaryo, at nakasulat na abiso na lumipat ka na. Ang abiso ay dapat ihatid nang personal o ipadala sa pamamagitan ng first class na koreo.
 - Kung hindi mo ibibigay sa iyong landlord ang abisong ito, ikaw ang mananagot para sa upa sa buong 30 araw.

Kung ang kasunduan sa pag-upa ay natapos at walang nagbigay ng abiso:

- Kung walang panig ang nagbibigay ng abiso, maaaring awtomatikong ma-renew ang iyong kasunduan sa pag-upa o maging buwan-buwan, depende sa mga tuntunin ng iyong kasunduan sa pag-upa.
- Ang mga hindi karaniwang nangungupahan tulad ng lingguhan, taun-taon, o pangungupahang pambukid ay may iba't ibang mga kinakailangan sa abiso.

(Artikulo sa Real Property ng Code ng Maryland, Seksyon 8-5A-01, 8-5A-02, 8-5A-03, 8-208, 8-210, at 8-402; Baltimore City Public Local Law Section 9-16)

3. UPA

- Ang upa ay dapat bayaran ayon sa kasunduan sa pag-upa.
- Kung atrasado ang pagbabayad mo ng upa, maaaring maningil ang iyong landlord ng bayad sa pagiging atrasado, ngunit hindi ito maaaring hihigit sa 5% ng halaga ng atrasadong upa. Hindi ka maaaring singilin ng bayarin sa pagiging atrasado sa mga hindi buong bayad sa upa na binayaran sa tamang oras.
- Ang iyong landlord ay dapat magbigay sa iyo ng resibo para sa iyong pagbabayad sa upa kung magbabayad ka ng upa ng cash o kung humingi ka ng resibo.
- Mga Pagtaas ng Upa:
 - Maaari lamang itaas ng iyong landlord ang iyong upa kapag na-renew na ang iyong kasunduan sa pag-upa.
 - Sa karamihan ng mga kaso, dapat nilang sabihin sa iyo sa pamamagitan ng sulat 90 araw nang maaga ang anumang pagtaas ng upa.
 - Maaaring limitahan ng ilang lokal na hurisdiksyon kung magkano ang maaaring itaas ng upa, ngunit walang batas sa buong estado na naglilimita sa pagtaas ng upa kapag na-renew ang iyong kasunduan sa pag-upa.
 - Ang iyong landlord ay maaari lamang magbigay ng abiso sa pagtaas ng upa sa pamamagitan ng email, text, o electronic tenant portal kung sumang-ayon ka na makatanggap ng mga abiso sa elektronikong paraan.

(Artikulo sa Real Property ng Code ng Maryland, Mga Seksyon 8-205, 8-205.1, 8-208, at 8-209)

4. MGA UTILITY

Ang iyong unit ay dapat mag-alok ng pampainit, ilaw, kuryente, mainit at malamig na tubig, at tamang pagtatapon ng dumi sa alkantariya. Gayunpaman, ang iyong landlord ay walang pananagutan kung ang mga utility na ito ay hindi magagamit dahil hindi ka nagbayad ng mga bayarin na iyong responsibilidad.

Kung ang iyong kasunduan sa pag-upa ay nag-aatas na bayaran mo ang mga utility nang direkta sa iyong landlord, ang iyong landlord ay dapat

- Bigyan ka ng mga kopya ng buwanang singil sa utility o,
- Sa simula ng bawat termino ng kasunduan sa pag-upa, ibigay sa iyo nang nakasulat ang kabuuang gastos sa utility na sinisingil sa landlord para sa nakaraang taon. Ang mga taunang gastos para sa mga singil sa tubig, alkantariya, gas, at kuryente para sa nakaraang taon ay dapat ibigay nang hiwalay.

Ang ilang mga landlord sa malalaking gusali ay gumagamit ng Ratio Utility Building System (RUBS) kung saan sinisingil ang mga nangungupahan ng bahagi ng kabuuang halaga ng utility ng gusali. Kung ang iyong landlord ay gumagamit ng RUBS, dapat nilang:

- Sabihin sa iyo bago mo lagdaan ang iyong kasunduan sa pag-upa na gumagamit sila ng RUBS,
- Magbigay ng mga kopya ng huling dalawang singil sa utility, at
- Ilarawan kung paano nila kinakalkula ang iyong bahagi sa kabuuang mga gastos sa utility.

(Artikulo sa Real Property ng Code ng Maryland, Mga Seksyon 8-208, 8-211, 8-212)

5. MGA DEPOSITO SA SEGURIDAD

Pinakamataas na deposito:

- Sa karamihan ng mga kaso, hindi ka maaaring obligahin ng landlord na magbayad ng deposito sa seguridad nang mas mataas kaysa sa isang buwan na upa.
- Maaari kang mag-alok ng mas malaking deposito sa seguridad kung tatanggihan ang iyong aplikasyon sa pag-upa batay sa kasaysayan ng kredito o pag-upa.
- Ang iyong deposito sa seguridad ay maaaring hanggang dalawang buwang upa Kung:
 - Pinirmahan mo ang iyong kasunduan sa pag-upa bago ang Oktubre 1, 2024 o
 - Kung kwalipikado ka para sa tulong sa utility mula sa Department of Human Services at ang kasunduan sa pag-upa ay nag-aatas sa iyo na direktang magbayad ng mga utility sa landlord.

Ano ang deposito sa seguridad:

- Ang "deposito sa seguridad" ay anumang pagbabayad na ibibigay mo sa landlord, kabilang ang mga deposito ng alagang hayop, upang protektahan ang landlord laban sa
 - Hindi nabayarang upa

- Pagkasira ng ari-arian sa unit, mga karaniwang lugar, pangunahing appliances, at mga kasangkapan
- Pinsala dahil sa mga paglabag sa kasunduan sa pag-upa

Mga panuntunan sa pagbabayad:

- Hindi ka maaaring obligahin ng iyong landlord na bayaran ang higit sa kabuuang upa sa unang buwan at ang deposito sa seguridad bago ka umalis.
- Dapat itago ng landlord ang iyong deposito sa seguridad sa isang bank account na nagbabayad ng interes.
- Dapat bigyan ka ng landlord ng nakasulat na resibo, na dapat kasama sa nakasulat na kasunduan sa pag-upa.
- Dapat ipaalam sa iyo ng landlord ang tungkol sa iyong mga karapatan at mga responsibilidad ng landlord na may kaugnayan sa deposito sa seguridad kapag nagbabayad ka ng deposito sa seguridad.

Inspeksyon sa pag-alis sa pagtatapos ng pangungupahan:

- Sa inspeksyon sa pag-alis, sinisiyasat ng landlord ang unit para sa pinsala na maaaring maibawas sa iyong seguridad para sa pinsala.
- Kung plano mong umalis at nais mo ng karapatan na naroon sa panahon ng inspeksyon, dapat kang magpadala sa iyong landlord ng isang sertipikadong liham nang hindi bababa sa 15 araw bago umalis. Ang liham ay dapat:
 - Sabihin na plano mong umalis,
 - Ibahagi ang iyong petsa ng pag-alis, at
 - Isama ang iyong bagong address
- Sa pagtatapos ng iyong pangungupahan, ang iyong landlord ay dapat magbigay sa iyo ng nakasulat na listahan ng anumang mga singil na ibinawas mula sa deposito sa seguridad at mga dokumentong sumusuporta sa mga singil.
- Dapat nilang ibalik ang natitirang bahagi ng iyong deposito na may interes sa loob ng 45 araw.

Mga pinapayagang pagbabawas:

Kabilang sa mga singil na maaaring legal na ibawas ng landlord mula sa iyong deposito sa seguridad ang:

- Pinsala sa ari-arian na lampas sa normal na pagkaluma o paggamit
- Hindi nabayaranang mga singil sa upa o utility

- Mga gastos o bayarin mula sa hatol sa kaso ng pagpapaalis

Kung ang deposito ay hindi naibalik sa tamang oras:

- Kung hindi ibinalik ng landlord ang iyong deposito o bibigyan ka ng nakasulat na listahan ng mga singil sa loob ng 45 araw pagkatapos ng iyong kasulatan sa pag-upa, maaaring mawalan sila ng karapatang panatilihin ang alinman sa deposito.
- Maaari mong kasuhan ang landlord ng hanggang tatlong beses ng halagang hindi ibinalik ng landlord.

(Artikulo sa Real Property ng Code ng Maryland, Mga Seksiyon 8-203 at 8-203.1)

6. KONDISYON NG MGA UNIT NA PINAUUPAHAN

Ang bawat paupahang ari-arian ay dapat na "angkop para tirahan ng tao," ibig sabihin ay dapat itong ligtas at angkop para matirhan ng mga tao. Ito ay dapat na walang malubhang depekto o kondisyon na maaaring magdulot ng sunog o isang seryoso at malaking banta sa iyong buhay, kalusugan o kaligtasan.

Pag-uulat ng problema:

- Ipaalam kaagad sa iyong landlord sa pamamagitan ng liham kung makakita ka ng problema.
- Maaari ka ring makipag-ugnayan sa iyong lokal na ahensyang nagpapatupad ng code at humiling ng inspeksyon.
- Ang isang citation o abiso sa paglabag ay itinuturing na nakasulat na abiso sa landlord.

Mga kinakailangan na partikular sa amag:

- Ang mga landlord ay dapat na suriin ang amag sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang nakasulat na abiso ng posibleng pagkakaroon ng amag sa iyong yunit.
- Kung may makitang amag, dapat itong alisin ng landlord at ayusin ang sanhi sa loob ng 45 araw kung maaari.
- Kung hindi maaayos ang amag sa loob ng 45 araw, dapat itong ayusin sa loob ng makatwirang takdang panahon pagkatapos matagpuan ang amag.
- Dapat kang bigyan ng kaalaman ng mga landlord sa panahon ng pagsusuri ng amag at proseso ng pagkukumpuni.

Pagkukumpuni at Pag-access:

- Ang mga landlord ay dapat magbigay ng hindi bababa sa 24 na oras ng paunang abiso bago pumasok sa iyong apartment, maliban sa emergency.

- Dapat mong bigyan ng access ang iyong landlord sa iyong ari-arian upang magsagawa ng pagkukumpuni.

Kung ang mga problema ay hindi naayos:

Kung hindi naayos ng iyong landlord ang problema sa loob ng makatwirang panahon pagkatapos mong magbigay ng abiso, at ang problema ay nagbabanta sa buhay, kalusugan, o kaligtasan, mayroon kang mga opsyon:

- Magsampa ng kaso sa Hukuman ng Distrito para sa mga pinsala at pagbaba ng upa.
- Tumangging magbayad ng upa at gamitin ang mga isyu bilang depensa kung idemanda ka ng landlord para sa upa.
- Magsampa ng kaso ng rent escrow, na nagpapahintulot sa iyo na magbayad ng upa sa hukuman sa halip na sa landlord hanggang sa maayos ang mga problema.

Pinturang may lead:

Kung may pinturang may lead sa unit, maaari mayroon ka, sa ilang partikular na sitwasyon, ng karapatan na:

- Tumanggap ng pera mula sa iyong landlord para sa pansamantalang relokalasyon
- Gumawa ng legal na aksyon kung hindi tumutulong ang iyong landlord sa ligtas na relokalasyon

Pagtira sa iyong unit:

- May karapatan kang i-enjoy ang katahimikan sa iyong inuupahang unit sa tagal ng iyong pangungupahan.
- May karapatan kang lumipat at gamitin ang unit simula sa petsang nakalista sa iyong kasunduan sa pag-upa.

(Artikulo sa Real Property ng Code ng Maryland, Mga Seksyon 8-204, 8-211, 8-212, 8-215, at 8-220)

7. PAGPAPAALIS

Maaaring simulan ng iyong landlord ang proseso ng pagpapaalis sa pamamagitan ng pagsasampa ng kaso sa Hukuman ng Distrito kung ikaw ay:

- Lumabag sa iyong kasunduan sa pag-upa
- Hindi nagbabayad ng upa sa tamang oras
- Hindi umalis kapag natapos na ang iyong kasunduan sa pag-upa

Kinakailangan ang proseso ng hukuman:

- Hindi ka maaaring paalisin ng iyong landlord maliban kung binigyan siya ng Hukuman ng Distrito ng karapatan sa ari-arian (tinatawag na judgment of possession) at nagbigay ng utos na paalisin ka (tinatawag na warranty of restitution).
- Ang mga pagsisikap na paalisin ka tulad ng pagpapalit ng mga kandado, pagsasara ng mga utility, o iba pang katulad na mga aksyon upang pigilan ang iyong pag-access sa unit o kakayahang manirahan nang ligtas sa unit ay hindi pinapayagan.

Ang iyong mga karapatan sa korte:

- May karapatan kang dumalo sa anumang pagdinig sa korte sa kasong pagpapaalis na isinampa laban sa iyo ng landlord.
- Maaari kang maging kuwalipikado para sa isang libreng abogado sa pamamagitan ng programang Access to Counsel in Evictions ng Maryland kung ang iyong kita ay 50% ng Area Median Income o mas kaunti. Tumawag sa 211 o bisitahin ang legalhelpmd.org para malaman kung kwalipikado ka.
- Maaari mong ma-access ang legal na tagapayo sa sandaling makatanggap ka ng abiso na ang iyong landlord ay naghahangad na wakasan ang kasunduan sa pag-upa o simulan ang proseso ng pagpapaalis.

Abiso bago ang pagpapaalis:

- Kung may utang kang upa, dapat kang abisuhan ng iyong landlord sa pamamagitan ng liham nang hindi bababa sa 10 araw bago magsampa ng kaso ng pagpapaalis para sa hindi pagbabayad ng upa sa Hukuman ng Distrito.
- Sa isang kaso ng pagpapaalis sa "Pagkabigong Magbayad ng Upa", kasama lamang sa upa ang pangunahing upa. Hindi nito maaaring isama ang mga singil sa utility, mga singil sa pagmementena o iba pang mga multa.
- Maaaring kailanganin ang mas mahabang panahon ng abiso kung tumatanggap ka ng subsidy sa pabahay na pinondohan ng estado o pederal na pamahalaan.
- Ang iba pang mga uri ng paghahain ng pagpapaalis, tulad ng paglabag sa kasunduan sa pag-upa o pananatili sa paupahang unit nang mas matagal kaysa sa oras na pinapayagan ng iyong kasunduan sa pag-upa ay maaari ding mangailangan ng higit pang abiso.

Mga kinakailangan sa pagpapaalis at pagpapatigil sa pagpapaalis:

- Kung magpasya ang hukuman laban sa iyo, mayroon kang pitong araw upang umalis o maaaring hilingin ng landlord sa korte na mag-isyu ng warrant of restitution para paalisin ka sa pamamagitan ng pag-alis ng lahat ng iyong ari-arian mula sa unit.
- Sa karamihan ng mga kaso, maaari mong ipatigil ang pagpapaalis sa pamamagitan ng pagbabayad ng lahat ng lampas na sa takdang araw na upa at ang anumang bayarin sa

hukuman na iniutos ng hukuman na bayaran mo bago isagawa ang pagpapaalis. Ito ay tinatawag na “karapatan sa pagtubos.”

- Maaaring hindi opsyon ang pagtubos kung:
 - mayroon kang tatlo (apat sa Baltimore City) o higit pang mga hatol sa pagpapaalis para sa hindi nabayarang upa sa loob ng 12 buwan bago ang kasalukuyang kaso, at
 - hinihiling ng iyong landlord sa hukuman na huwag kang payagan na tubusin.
- Dapat kang bigyan ng iyong landlord ng nakasulat na abiso bago ang unang nakatakdang pagpapaalis. Anim na araw ang kinakailangan sa ilalim ng batas ng estado. Ang iyong mga lokal na hurisdiksyon ay maaaring itakda ang bilang ng mga araw na kinakailangan ngunit ito ay dapat na nasa pagitan ng apat at 14 na araw ng abiso bago ang unang nakaiskedyul na pagpapaalis.

(Artikulo sa Real Property ng Code ng Maryland, Mga Seksyon 8-401, 8-402, 8-402.1, 8-407, at 8-902)

8. KONSTRUKTIBONG PAGPAPAALIS

Sa Maryland, ang konstruktibong pagpapaalis ay nangyayari kapag ang iyong landlord ay hindi inaayos ang malaking isyu na pumipigil sa iyong paggamit at pagtamasa sa iyong inuupahang unit at sa halip ay umalis ka.

Kapag nalalapat ito:

Maaaring wala kang pananagutan sa upa kung mapatunayan mo ang lahat ng sumusunod:

- Ang mga aksyon o pagpapabaya ng iyong landlord ay nagdudulot ng malaking isyu na nakagambala sa iyong paggamit at pagtamasa sa iyong unit.
- Sinabi mo sa iyong landlord ang tungkol sa isyu.
- Binigyan mo ang landlord ng makatwirang oras para ayusin ito bago ka umalis.
- Umalis ka sa loob ng makatwirang oras pagkatapos mabigo ang iyong landlord na ayusin ang isang malaking isyu.

Bago umalis, dapat kang kumunsulta sa isang abogado. Kung mapapatunayan mo ang konstruktibong pagpapaalis,

- Ang iyong kasunduan sa pag-upa ay ituturing na natapos na (winakasan).
- Wala kang pananagutan sa pagbabayad ng upa pagkatapos mong umalis.

- Maaari mong idemanda ang iyong landlord para sa iyong mga pagkalugi-- kabilang ang mga gastos sa pag-alis, pagkakaiba sa upa, bayad sa abogado, at iba pang nauugnay na gastos.

Ano ang dapat gawin ng mga landlord upang maiwasan ang konstruktibong pagpapaalis:

- Dapat iwasan ng mga landlord ang malaking panghihimasok sa pagtamasa ng nangungupahan sa kanilang inuupahang ari-arian,
- Tiyaking ligtas at matitirahan ang paupahang ari-arian.
- Karaniwang tumugon kaagad sa mga reklamo ng nangungupahan upang maiwasan ang mga legal at pinansyal na kahihinatnan.

9. KARAPATAN NG NANGUNGUPAHAN SA UNANG PAGTANGGI

Ang “karapatan sa unang pagtangi” (isang legal na termino) ay nangangahulugan na makukuha mo ang unang pagkakataon na bilhin ang ari-arian na iyong inuupahan bago ito ibenta ng landlord sa ibang tao.

Kapag nalalapat ito:

- Isa kang pinangalanang nangungupahan sa kasunduan sa pag-upa.
- Nakatira ka sa isang paupahang ari-arian na may 1, 2, o 3 unit nang hindi bababa sa anim na buwan.
- Plano ng iyong landlord na ibenta ang ari-arian o tumanggap ng alok na bilhin ito mula sa isang third party.

Gayunpaman, hindi nalalapat ang panuntunang ito sa ilang partikular na sitwasyon, tulad ng kapag inilipat ng landlord ang ari-arian nang hindi ito ibinebenta, kabilang ang mga paglilipat:

- Sa isang miyembro ng pamilya
- Sa isang negosyong pag-aari ng landlord
- Sa ilalim ng utos ng hukuman

Proseso ng abiso:

Kung ipinaalam sa iyo ng iyong landlord na balak nilang ibenta ang ari-arian sa isang third party, dapat ding isama sa abiso ang iyong karapatang gumawa ng alok na bilhin ito.

- Mayroon kang 30 araw mula sa petsa ng abiso upang gumawa ng alok na bilhin ang ari-arian o tanggihan.
- Kung gumawa ka ng alok na may pareho o mas magandang kondisyon kaysa sa mga nasa abiso, dapat itong tanggapin ng iyong landlord.

- Kung tumanggi kang gumawa ng alok, maaaring ibenta ng iyong landlord ang ari-arian sa isang third party.

Ang ilang mga lokal na hurisdiksiyon ay maaaring mayroong sariling mga batas tungkol sa karapatan ng nangungupahan na maunang tumanggi o pagkakataong bilhin ang paupahang ari-arian sa mga kaso na hindi sakop ng batas ng estado.

(Artikulo sa Real Property ng Code ng Maryland, Seksiyon 8-119)

10. IPINAGBABAWAL NA KILOS NG MGA LANDLORD

Ilegal ang diskriminasyon sa pabahay sa ilalim ng batas ng estado at pederal. Ang mga landlord ay hindi maaaring magpakita ng diskriminasyon laban sa mga potensyal o kasalukuyang nangungupahan batay sa:

- Lahi
- Kulay
- Relihiyon
- Kasarian
- Kapansanan
- Katayuan sa pag-aasawa
- Katayuang pampamilya
- Oryentasyong Sekswal
- Pagkakakilanlang Kasarian
- Bansang pinagmulan
- Pinagmumulan ng kita
- Katayuang Militar.

Ang ilang lokal na hurisdiksiyon ay maaaring magbigay ng karagdagang proteksyon laban sa diskriminasyon.

Paghihiganti:

Ang landlord ay hindi maaaring maghiganti, o magbanta ng pagganti laban sa iyo dahil sa:

- Paggawa nang may kabutihang-loob na reklamo tungkol sa isang paglabag sa iyong kasunduan sa pag-upa, paglabag sa batas, o sa kondisyon ng inuupahang ari-arian.
- Pagsampa o paglahok sa isang demanda na kinasasangkutan ng landlord.
- Paglahok sa isang organisasyon ng mga nangungupahan.
- Paghiling ng mga serbisyo ng pulis o mga serbisyong pang-emergency sa ari-arian.

- Pagbibigay ng impormasyon sa landlord na may kaugnayan sa isyu sa pinturang may lead.

Maaaring kabilang sa paghihiganti ang mga aksyon tulad ng:

- Paghahain o pagbabanta na magsampa ng kaso laban sa iyo.
- Pagbabanta na abisuhan ang tagapagpatupad ng batas tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.
- Pagtaas ng upa, pagbabawas ng mga serbisyo sa iyo bilang nangungupahan (halimbawa, pagsasara ng mga utility).
- Ang pagkabigong gumawa ng mga kinakailangang pagkukumpuni, o pagwawakas ng iyong pangungupahan, bukod sa iba pang mga bagay.

Isang krimen para sa sinuman, kabilang ang mga landlord, na subukang kumuha ng pera, ari-arian, paggawa, serbisyo, o anumang bagay na may halaga sa pamamagitan ng pagbabanta na abisuhan ang tagapagpatupad ng batas tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.

Mga kinakailangang abiso bago makapasok ang iyong landlord sa iyong unit:

Maliban kung iba ang sinabi ng iyong kasunduan sa pag-upa, mayroon kang karapatang tamasahin ang katahimikan sa iyong tirahan. May karapatan ang iyong landlord na pasukin ang iyong unit para sa mga lehitimong layunin tulad ng paggawa ng kinakailangang pagkukumpuni, pag-inspeksiyon sa unit, o pagpapakita ng unit sa mga potensyal na mangungupahan.

- Dapat kang abisuhan ng iyong landlord sa pamamagitan ng liham nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang inspeksyon o pagkukumpuni
- Maaari lang silang pumasok sa unit Lunes hanggang Sabado, mula 7am hanggang 7pm, maliban kung ito ay isang emergency.
- Maaari mong bigyan ang iyong landlord ng nakasulat na pahintulot na makapasok sa iyong tahanan nang wala pang 24 na oras na abiso.

Maaaring magbigay ng higit pang mga detalye ang iyong kasunduan sa pag-upa, at maaaring magkaroon ng higit pang mga patakaran ang inyong lokal na hurisdiksyon kung kailan maaaring pumasok ang iyong landlord sa iyong unit.

(42 U.S.C. Seksyon 3601, et seq.; Artikulo sa Pamahalaan ng Estado ng Maryland Code, Seksyon 20-101, 20-704, at 20-705; Artikulo sa Real Property ng Code ng Maryland, Seksyon 2-115, 8-204, 8-208.1 at 8-208.2; Artikulo sa Kriminal na Batas ng Code ng Maryland, 3-701)

May mga pagbubukod sa mga proteksyong ipinagkakaloob ng mga batas na ito sa ilang partikular na pagkakataon.

11. MGA MADUDULUGAN

Tanggapan ng mga Usapin ng mga Nangungupahan at Landlord Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Komunidad ng Maryland

Website: [Tanggapan ng mga Usapin ng mga Nangungupahan at Landlord](https://dhcd.maryland.gov/Tenant-Landlord-Affairs)

(dhcd.maryland.gov/Tenant-Landlord-Affairs)

Telepono: 855-511-3423

Email: otla.dhcd@maryland.gov

Ang website ng Tanggapan ng mga Usapin ng mga Nangungupahan at Landlord ay may karagdagang impormasyong pang-edukasyon at tauhan sa pagtulong na maunawaan ang mga karapatan at batas para sa nangungupahan, kabilang ang:

- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na organisasyon ng legal na tulong
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na tanggapan para sa karapatan ng mga nangungupahan sa county
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na serbisyo para sa mga walang tirahan at mga programa para sa pagtulong sa pag-upa kung nawalan ka na ng tirahan
- Mga karaniwang tanong at sagot para sa mga nangungupahan at landlord
- Mga materyales para sa pagtulong sa mga nangungupahan at landlord
- Paano mag-ulat ng kaso ng diskriminasyon sa patas na pabahay o paglabag ng landlord sa mga batas ng pederal, estado, o lokal na batas para sa mga nangungupahan sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas

Maryland Commission on Civil Rights (MCCR)

Website: mccr.maryland.gov

Iniimbestigahan ng MCCR ang mga reklamo sa diskriminasyon sa pabahay.

Programang Maryland para sa Access to Counsel in Evictions (ACE)

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan: Tumawag sa 211 o pumunta sa [Legal Help Maryland](https://legalthelpmd.org) (LegalHelpMd.org)

Nagbibigay ang ACE ng libreng legal na representasyon sa mga nangungupahang karapat-dapat sa kita na nanganganib na mapaalis, nawalan o nasa panganib na mawala ang kanilang voucher sa pabahay o subsidy.

Mga Sentro ng Tulong sa Sarili sa Distrito ng Hukuman sa Maryland

Ang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan at Mga Oras ay nag-iiba ayon sa lokasyon:

Website: [Mga Sentro ng Tulong sa Hukuman ng Distrito](https://courts.state.md.us/helpcenter/inperson/dc)

(courts.state.md.us/helpcenter/inperson/dc)

Kung hindi ka makapunta nang personal, tumawag sa 410-260-1392 para sa tulong.

Mga Serbisyong Ibinibigay:

- Ang mga sentro ng tulong sa sarili ay maaaring tumulong sa mga nangungupahan na may isyu o kaso laban sa kanilang landlord na wala pang kumakatawang abogado.
- Nag-aalok ang mga sentro ng live chat, telepono, at personal na serbisyo sa 10 mga lokasyon ng hukuman ng distrito.
- Maaaring makatanggap ng tulong ang mga nangungupahan sa pag-unawa ng mga dokumento ng hukuman, paghahanda para sa mga pagdinig sa hukuman, pagkumpleto ng mga form ng hukuman, paghahanda para sa pamamagitan, at paghahanap ng abogado.

Ang Aklatan ng Batas ng Mamamayan ng Maryland

Website: [Ang Aklatan ng Batas ng Mamamayan ng Maryland](http://peoples-law.org) (peoples-law.org)

Ang Aklatan ng Batas ng Mamamayan ay isang website ng legal na impormasyon at tulong sa sarili na pinapanatili ng isang ahensyang nauugnay sa hukuman ng Hudikatura ng Maryland. Sinusuportahan din ito ng mga nonprofit na tagapagbigay ng serbisyong legal ng Maryland, mga walang bayad na abogado, at mga paaralan ng batas.

Mga Serbisyong Ibinibigay:

- Ang website ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa batas sa mga taong kumakatawan sa kanilang sarili sa hukuman.
- Nag-aalok sila ng isang direktoryo ng mga organisasyon ng serbisyong legal na maaaring makatulong sa iyo sa paglutas ng iyong mga legal na problemang sibil.